# 1

"You're kidding, right?"

Cat rolled her eyes for the nth time. Hindi niya na mabilang kung ilang beses siyang tinanong ni Amy nang sabihin niya rito ang napag-usapan nila ni Tita Malou, ang kanyang future stepmother.

"Wala ka bang balak baguhin ang tanong mo?" Nakataas ang kilay niya. "Do I look like I'm kidding?"

"No. But I wanna make sure if you're on your right mind."

"Of course I am! Tingin mo sa 'kin, baliw?"

"Mukha. Sukat ba namang nag-volunteer kang hanapin at kumbisihin si J Falcon para siyang maging photographer sa kasal ng daddy at stepmom mo. Kabaliwan ngang matatawag iyon." Uminom ito ng juice. Gaya ng nakagawian, naroon sila sa kuwarto niya nang mga oras na iyon.

"Eh, bakit ba? What's wrong with that?" Ang OA naman yata ng reaksyon ng kaibigan niya. Ano ang masama sa pagtulong sa future stepmom niya?

"Kasi naman po, kung hindi n'yo pa alam at

mukha ngang wala kang kaalam-alam, matagal nang tumigil sa pagiging photographer si J Falcon. More or less ay isang taon na."

"Alam ko. Kaya nga tinulungan ko na si Tita."

"Pero alam mo ba kung bakit siya tumigil at the height of his success?" hamon nito.

Parang tangang umiling si Cat. "Nakapatay siya ng kliyente niya?"

Dinedma nito ang pagbibiro niya. "Iniwan siya ng bride niya sa gitna ng altar."

"Oh, God!" wala nang birong bulalas niya.

"Kaya nga sinasabi ko sa 'yong hindi siya madaling kumbisihin. After his failed wedding, parang nawalan na siya ng amor sa kasal. Pina-cancel ang lahat ng mga natanguan niyang kliyente, returned their down payments and hid in some place only God knows where."

Bumagsak ang mga balikat niya sa narinig. The guy had all the reason to hate weddings. Ang sama naman ng bride nito para iwan ito sa gitna ng altar. Kung may plano pala itong hindi ituloy iyon, bakit kailangang paabutin pa sa puntong iyon?

But she could not just back out. Nakapangako na

siya sa Tita Malou niya. Nakita niya ang katuwaan sa mukha nito nang sabihin niyang gagawin niya ang lahat madala lang dito ang lalaki.

Nakita ni Cat sa mukha ng ama na proud ito sa kanya. Matagal na rin niyang hindi iyon nakikita, lalo na noong mag-resign siya sa kompanya nila at mag-pursue ng tunay niyang hilig.

Bata pa lang, wala na siyang ginawa kundi ang pasayahin at magpa-impress sa ama. Isang lalaki kasi sana ang nais nitong maging anak para raw may magpapatakbo sa negosyo nila. Kaso nga, naging babae siya at namatay kaagad ang ina pagkapanganak sa kanya. Kaya naman, sa kagustuhang makuha ang amor ng daddy niya, sa halip na *Barbie* dolls, baril-barilan at *GI Joe* action figures ang laruan niya noon. Ultimo mga hilig niyang sports ay panlalaki. Sinunod niya rin ang gusto nito na business course ang kunin niya sa kolehiyo.

After four years of working hard, she finally decided to follow her heart... for the first time. Nagbitiw siya sa trabaho, nagsimulang magsuot ng mga damit na gusto niya, and decided to take a short course on fashion designing at *Parsons The New School for Design*. Iyon ang lihim niyang hilig noon pa mang bata pa siya.

Kinalaunan ay hindi niya na alam kung tama ba o hindi ang desisyong iyon. Nagtalo sila nang mag-tender siya ng resignation at ngayon lang nga niya nakuha ang appreciation nito, ngayong nag-volunteer siyang mag-design ng gown ng bride nito at nagustuhan iyon ni Tita Malou. Sa sobrang excitement ni Cat, nagboluntaryo rin siya para maghanap sa specific photographer na nais ng babae para siyang kumumpleto sa perfect wedding nito.

And she could not afford to ruin it just because of what Amy told her. By hook or by crook, kailangang mapalabas niya sa pinagtataguang lungga nito ang J Falcon na iyon.

"So ano? Are you still gonna convince him or not?" untag ni Amy.

"Oo naman, 'no! Huwag siyang mag-iinarte sa 'kin dahil nakasalalay ang buhay ko dito."

Napailing ito. "Ikaw ang bahala. Basta huwag mong isusumbat sa 'king babae ka na hindi kita binalaan, ha?"

"Oo na! Oo na!" dismissed ni Cat sa usapan. Gumalaw siya at nag-iba ng position. From indian seat ay dumapa siya sa kama at isinahod ang baba sa dalawang kamay na nakatukod. "Pero alam

mo, mare, pamilyar sa 'kin ang apelyido niya eh," pagbabago niya sa topic.

Nanlaki ang mga mata nito. Tila hindi makapaniwala sa huling sinabi niya. Napailing ito pagkatapos. "No wonder parang wala lang sa 'yo ang mga sinabi ko."

Hindi niya na-gets ang sinabi nito. Pero hindi niya na inusisa pa. Mas naka-focus ang isip niya ngayon sa kabubukas pa lang na paksa. Iyon ang kahapon niya pa iniisip.

Nang-aasar lang na tiningnan siya ng kaibigan. Naghihintay sa susunod niyang sasabihin.

"Sounds family talaga, eh. Hindi ko lang mahukay sa kaban ng utak ko kung saan ko siya unang narinig." Kagabi pa siya isip nang isip kung saan niya narinig ang pangalang iyon. Nakatulog na lang siya at lahat, wala pa rin siyang mahanap na sagot.

"Isipin mo..." nakangiting buyo ng kaibigan.

"Hindi na nga ako makapag-isip sa kakaisip, eh," pagtatataray niya. "May alam ka ba? Sabihin mo na at nang matahimik na 'ko."

"Gaga! Papanong hindi magiging pamilyar sa

'yo." Tumayo ito at at home na at home na binuksan ang book shelf sa tabi ng cabinet niya.

Dinampot ni Amy ang yearbook nila noong elementary pa sila. Matapos maisara ang shelf ay bumalik na ito sa kanya. Nakatanga lang siya rito habang panay ang buklat nito sa mga pahina. Tila alam kung saan ito hihinto. Sa wakas ay huminto ito at iniabot sa kanya ang aklat. Tinanggap niya iyon at sinundan ng tingin ang itinuturo nito.

"Veronica Falcon used to be our classmate during elementary days. Remember her?" paalala nito sa kanya.

Hindi niya na kailangang magtanong pa kung bakit iyon pinakita sa kanya ng kaibigan. At mas lalong wala nang saysay para titigan niya pa ang black and white solo picture ng babae sa yearbook dahil alam niya na kung bakit pamilyar ang pangalan ng photographer.

Napatili si Cat nang di-oras. "Oh, my God!" Lumobo yata ang ulo niya maging ang mga mata.

HINDI NA NAGULAT si Japhet nang maramdaman ang pagtulo ng tubig sa bumbunan niya. Kinapa niya iyon at tumingala sa kisame. May

nagbabanta pang sumunod sa ulo niya. Mukhang kakailanganin niya na talagang ayusin ang bubong at kisame. Wala naman siyang nababalitaang may bagyong paparating pero malakas ang ihip ng hangin sa labas.

Sa sala pa lang ay malaki na ang problema ni Japhet. Hindi pa kasama ang kusina na tiyak niyang mas kaawa-awa ang kalagayan. Kapag nagtagal pa hanggang gabi ang ulan, tiyak na babahain siya.

Dumerecho siya ng kusina. Hindi nga siya nagkamali. Kumbaga sa pasyente, fifty-fifty na ang kalagayan ng kusina niya. Kahit saan siya tumingin ay may tumutulo. Basang-basa na ang sahig. Kinuha niya ang mga palanggana at balde sa labahan na nasa labas lang ng kusina. Isa-isang isinahod niya ang mga iyon sa mga tumutulong parte ng bahay. Hindi pa man siya nakakarating ng sala ay naubos na ang mga palanggana at balde. Kaya maging ang pitsel, bowl at walang lamang *Boysen* paint na timba na nakita niya sa sulok ay pinatos niya na.

Nang matapos sa ginagawa ay nakapamaywang na pinagmasdan ni Japhet ang buong sala. At least ngayon ay may pagkakaabalahan na siya kahit umuulan sa labas. Makapag-e-exercise din siya. Pumuwesto siya sa paanan ng hagdan. Magsisimula

na ang trabaho niya.

Pagkatapos ng ulan na ito ay pag-iisipan niya nang i-renovate ang bahay. Isang taon na siyang nakatira roon pero ni minsan ay hindi sumagi sa isip niyang ipaayos iyon. Pero ngayon ay wala na siyang magagawa kundi ang asikasuhin ang bahay, kung gusto niya pang magkaroon ng matutuluyan sa mga susunod pang buwan.

A year ago, binili niya ang bahay na ito sa isang mag-asawa na aalis na ng Pilipinas dahil pinetisyon ng nurse na anak sa Florida.

Sa umpisa pa lang ay sinabi na sa kanya ng dating may-ari na kailangan ng renovation ng bahay. Luma na ang pintura niyon at pinagsawaan na ng anay ang kisame. Pero kinuha niya pa rin at binayaran nang buong-buo sa pagkagulat ng mga ito. He did not care about the house. Ang importante sa kanya ay ang lugar na tahimik, walang istorbo, malayo sa mga kapitbahay at higit sa lahat, malayo sa kabihasnan. Dito ay hindi niya kailangang magpanggap bilang ibang tao dahil kakaunti lang ang nakakaalam ng tunay niyang pagkatao. Walang ideya ang mga ito kung bakit mula sa Maynila ay mas pinili niya pang manirahan sa malayong bayan ng Bohol. Kulang-kulang ay isang oras ang biyahe

mula Tagbilaran City.

Tumayo siya nang makitang puno na ang isang bowl. Dinampot niya iyon, tinapon ang laman sa labas ng bintana at ibinalik ang bowl sa kinalalagyan sa tapat ng tulo. Pumuwesto ulit siya sa may hagdanan.

Mukhang kailangan niya talagang ipaayos ang bubong. Pero kakaunti na lang ang pera niya sa bangko. Kapag ginalaw niya pa ang natitirang pera para kumuha ng mag-aayos ng bahay ay tiyak na wala na siyang kakainin sa mga susunod na buwan.

*Wala kang choice, Japhet, magagalaw mo talaga ang pera. Tiis-tiis na lang muna sa gulay.*

Napatingin siya sa labas ng bintana. Umuulan pa rin. Kapag tumigil na iyon ay pag-iisipan niyang maigi kung anong solusyon ang maaari niyang gawin. Tumayo ulit siya nang makitang puno na ang isang pitsel. Akmang ibubuhos niya na iyon sa labas ng bintana nang mahagip ng tingin niya ang hitsura ng hardin niya. Ang malaking parte ng hardin ay tinamnan niya ng gulay. Iyon ang naging libangan niya nitong mga nakaraang buwan. Ngunit nang mga oras na iyon, wala na siyang nakikita kahit isang bunga man lang ng kamatis. Natabunan na iyon ng plywood, nadaganan ng mga dos por dos at kinakalawang na yero.

Napamura si Japhet. Inihagis niya ang pitsel at patakbong lumabas ng bahay; hindi alintana ang lakas ng ulan at ihip ng hangin. Una niyang tinanggal ang yero.

Siniguro niyang matatag ang pagkakagawa niya ng kunwa-kunwariang bubong para sa mga tanim niya. Pero ngayon ay ito pa ang pumatay sa mga iyon. Ang yabang-yabang niya pa kanina habang iniisip na mabuti na lang at natapos niya ang paggawa ng maliit na bubong para sa mga gulay. Iyon pala ay palpak. Nahagod niya ang basang buhok sa inis.

“Damn!” mura ni Japhet nang pag-angat niya sa plywood ay makitang walang-wala na ang mga tanim niyang mani. Dalawang linggo na lang ay puwede na sana iyong anihin.

Humugot siya ng isa. Itinaas ang kamay at sinipat ang mga ugat nito. Hindi pa gaanong malalaki ang mga iyon at sigurado siyang hindi din malaki ang laman ng mani. Kulang pa at hindi pa dapat kunin. Sayang. Pero kung itatapon niya iyon ay mas lalong sayang. Mas mabuti pang anihin niya na kaysa itapon. Hindi na rin naman iyon lalaki pa kapag tumila ang ulan. Isa-isang hinugot niya ang mga tanim na mani.

Hindi na siya bumalik pa ng bahay para kumuha

ng raincoat o payong. Matapos mahugot ang lahat ng tanim na mani at makuha ang mga nakadagan sa iba pa niyang pananim ay bumalik na siya ng bahay. Sa loob niya na hihimayin ang mga bunga. Marami-rami rin ang mga iyon. Wala siyang dalang sisidlan ng mga iyon kaya yakap niya ang mga iyon kahit puro putik.

Nasa kalagitnaan na siya ng nilalakad nang may bumato sa kanya ng kung ano. Napasigaw si Japhet sa sakit. Nabitawan niya ang mga dala at sinapo ang likod niya na tinamaan. Napatingin siya sa lupa at nakita ang isang hindi kalakihang bato.

"What the…?" Sino ang siraulong bumato sa kanya?

Nagpalinga-linga siya sa paligid. Dumako ang tingin niya sa di-kataasang gate. At doon niya nakita ang salarin. Parang nakakaloko pang kumaway ito sa kanya.

"Siraulo 'tong gagong 'to, ah!" bulong niya.

Magkasalubong ang mga kilay na lumapit siya rito sa malalaking hakbang. Ano ba ang problema nito at siya ang pinag-iinitan? Sa tinagal-tagal niyang nakatira roon, ngayon lang may gumawa sa kanya ng gayon. At pinili pa nitong batuhin siya sa gitna

ng malakas na ulan. Huwag lang itong magkakamali ng sagot sa kanya at baka hindi niya matantiya ang manipis nitong katawan.

Inaasahan niya nang tatakbo ito, pero hindi man lang ito tuminag. Sa halip ay parang batang bumilis ang kaway nito. Bigla tuloy siyang naguluhan.

“Thank God napansin mo din ako!” Nakangiti ang tila basang-sisiw na babae.

Babae? Paano ito napunta sa harap ng bahay niya?

# 2

Umaambon na sa Tagbilaran City nang dumaong ang barkong sinasakyan ni Cat galing Cebu. Paglabas pa lang ng pier ay sinalubong na siya ng mga drivers ng taxi at tricycle na nag-o-offer ng special trip sa lugar. Parang namamasyal lang siya sa mall kung maglakad. Kiber sa tubig-ulan na nararamdaman niya sa mukha. At kahit nangangati na ang talampakan niya para pasyalan ang magagandang lugar sa probinsya, gusto niya na ring makita sa lalong madaling panahon ang pakay niya roon. Marami na siyang naririnig na maganda sa lugar. Kulang daw ang dalawang araw para malibot ang lahat ng magagandang tourist spots doon. As in super lahat. Pero saka niya na poproblemahin ang pagliliwaliw kapag natapos na ang major problem niya.

Lumapit si Cat sa isang driver na sa tingin niya ay mabait at hindi siya lolokohin.

"Alam n'yo po kung saang lugar ito?" Iniabot niya rito ang papel na sinulatan niya ng address.

Tumango ito. "Medyo malayu-layo po 'to dito sa Tagbilaran, Ma'am. Panglao na po kasi. Hindi aabot

sa isang oras po ang biyahe."

"Magkano ba?"

Nagkamot ito ng ulo. "One hundred fifty po. One way."

"Sige po, tara na," aniya at binuhat na ang maleta para mailagay iyon sa trunk ng taxi. Nang masigurong wala na siyang naiwan ay pumasok na siya sa loob ng sasakyan.

Ilang minuto lang silang dumaan ng city proper. Kinatagalan ay dumalang nang dumalang ang mga bahay. Hindi na dikit-dikit at wala nang mga buildings na nakikita. Bagaman idineklara nang city ang Tagbilaran, hindi pa rin iyon nangangalahati sa Metro Manila. Hindi ganoon kagulo ang siyudad at hanggang fourth floor lang yata ang pinakamataas na building na nakita niya.

Mabuti na lang talaga at after twelve years ay hindi pa nagbabago ng landline number sina Veronica. Nagbabakasali lang sila ni Amy noong nakaraang linggo kung iyon pa rin ang numero ng dating kaklase. Nasa panig pa rin nila ang suwerte dahil si Veronica mismo ang nakasagot sa kanya. Pagkatapos niyang magpakilala ay umaatikabong chikahan ang nangyari. Hindi pa nakontento pagkatapos nilang

mag-usap ay nagkasundo silang magkita nang sumunod na araw. Isang araw din silang naglibot sa mall. Kuwentuhan dito, kuwentuhan doon. Kung gaano kabilis ang mga bibig nila sa kadadada ay ganoon din kabilis ang mga kamay nila sa pagpipili ng mga damit.

Nang malaman ni Veronica ang pakay niya ay hindi man lang ito nagdalawang-isip na tulungan siya. All out pa nga ang suporta nito sa kanya. Naaalala niya pa ang usapan nila ng kaibigan.

"Hay, naku! Maging ako gusto ko nang lumabas sa lungga ang lalaking 'yun. Asungot 'yun sa buhay ko pero nami-miss ko din naman kahit paano," anito sabay subo ng cake. Kasalukuyan silang nasa isang coffee shop at nagpapahinga matapos ang buong maghapon na paglalakad sa mall.

*"Hindi pa rin daw ba siya nakaka-get over sa…" Hindi alam ni Cat kung papano idudugtong ang nasa isip.*

*Humaba ang nguso ni Veronica. "Ewan ko d'un! The last time we had a serious talk was two months ago at nag-away lang kami. Pinipilit ko siyang umuwi na and move on with his life. Pero ayaw niya pa rin. Kung dahil mahal niya pa ang kabayong iyon o sa kahihiyan ay hindi ko alam."*

*"Hindi rin naman kasi madali ang nangyari sa kanya." Si Amy.*

*"'And'un na 'ko. Pero it's been a year already. Ilang offers na ang na-turn down niya dahil hindi pa rin daw niya mapilit ang sarili na humawak ng camera to take pictures of weddings and happy couples. Dahil naaalala lang niya ang naunsyaming kasal niya."*

*Kumibit si Cat ng balikat. "Kahit naman siguro ako, gan'un din yata ang mangyayari kapag tinakbuhan ako ng groom sa kasal ko, ano." She immediately knocked three times on the wooden table. "Huwag naman sanang mangyari."*

*Natawa si Veronica. "But maybe you can convince him."*

*Na-freeze sa ere ang kamay niyang may hawak na kutsarita. "Paano mo naman nasabi 'yan, aber?" Hindi sa wala siyang tiwala sa sarili na mapapapayag niya ang lalaki, hindi lang niya inaasahan na maging ang kapatid ng lalaki ay malaki ang tiwala sa kanya.*

*Nanunudyo ang ngiti nito. Pagkatapos ay tila naging excited. "Naaalala mo pa ba n'ung mga bata pa tayo? Di ba, isang beses tinutudyo ka namin n'un kay Kuya? Then, you were so pissed off bigla mo na lang isinigaw sa buong klase na break na kayo."*

Binuntutan iyon ng tawa ng talipandas niyang kaibigan. “Not knowing na nasa labas pala si Kuya at narinig ang sinabi mo.”

Napahampas si Cat sa hangin. “P’wede ba? Mga bata pa tayo n’un, ’no. Umiihi pa nga ako sa panty ko. At hindi ko pa alam kung ano’ng ibig sabihin ng salitang ’break’.”

Totoo. Akala niya noon, kapag ipinagsigawan niya iyon ay titigil na ang tuksuhan ng mga kaklase niya. She was in third grade that time while Japhet was in grade six.

Hindi naman sa hindi niya gusto si Japhet noon. Sa katunayan ay crush nga niya ito. Sino ba naman ang hindi magkaka-crush dito? Bukod sa guwapo ay matalino pa. Pero dahil nga mas nakatuon ang atensyon niya sa ama ay hindi niya ini-entertain ang mga ganoong pakiramdam. May gusto siyang patunayan sa ama at kapag nalaman nitong nagka-crush siya kahit nine years old pa lang siya ay hindi makakaganda sa image na ipinapakita niya rito. Magkahalong inis at kilig ang nararamdaman niya kapag nakikita niya ito sa labas ng klase tuwing recess time ang lalaki. Ibig sabihin kasi niyon ay magsisimula na naman ang tuksuhan ng mga kaklase niya□lalo na si Veronica na todo suporta sa kuya nito. Ito pa ang

*nangunguna sa tuksuhan.*

*Malay niya ba namang big deal ang pagsasabi niyang break na sila ng lalaki? At bata pa siya noon, wala pang kamuwang-muwang sa mga crush-crush at syota-syota na iyan.*

*Natawa ulit si Veronica. "Kahit na. The fact na may nakaraan kayo ni Kuya, madali na lang iyon para sa 'yo."*

*Napahalakhak si Amy. Napatingin tuloy ang iba sa kanila. "Just like old times. Boto pa rin si Bunso sa 'yo, sis," baling nito sa kanya.*

*"Gaga!"*

Natigil ang pagbabalik-tanaw ni Cat nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Napatingin siya sa labas ng sasakyan.

"Naman, oo!" reklamo niya.

"Mukhang tatagal pang ganito ang panahon, Ma'am," anang driver habang sinisilip sa harap ang napakaiitim na mga ulap."Gusto n'yo po, Ma'am, bumalik na lang tayo ng siyudad? Mag-hotel na lang po muna kayo 'tapos bukas—"

Umiling siya. "Hindi. Okay lang. Doon kasi ako matutulog," aniya. Kahit hindi siya sigurado

kung patutuluyin siya ng lalaki sa bahay nito o ipagtatabuyan.

“Sigurado kayo, Ma’am, ha?” paniniguro nito.

“Siguradung-sigurado. Huwag kang mag-alala, dadagdagan ko ang bayad.”

Tumahimik na lang ito kahit may pakiramdam siyang may gusto pa sana itong sabihin. Kalahating oras pa at narating na nila ang nakasulat na address. Nang huminto ang taxi sa gilid ng daan ay inaninag niya ang labas. Pero wala siyang makitang bahay o bahay-kubo sa labas.

“Dito na?” Puno ng pagtataka ang mukha niya nang tiningnan ang driver. Sunud-sunod ang tango nito. “Eh, nas’an ’yung bahay?”

“’Yun na nga po sana ang gusto kong sabihin sa inyo. Papasok po kasi ’tong address na ’to.” Pinitik nito ang hawak na papel na bigay niya. “Kailangan n’yo pa pong maglakad papasok para marating ’yung bahay.”

“Maglakad!” *Sa ganito kasungit na panahon?*

Tumango ulit ito. “Hindi po kasi kasya ’yung taxi. Wala pong ibang paraan kundi ang maglakad.”

“Sana naman, Kuya, sinabi n’yo na agad sa ’kin.

Eh, di maliligo ako nito ngayon sa ulan?" Napatingin ulit si Cat sa labas. "At putik?" dugtong niya pa nang makita ang lupa.

"Siguradung-sigurado po kasi kayo kanina. Akala ko naman maliligo na lang kayo pagdating n'yo sa bahay."

Marahas siyang napabuga ng hangin. Kung puwede lang sigurong kutusan ang mamang driver na ito ay ginawa niya na kanina pa.

"Sige na, sige na!" pagtatapos niya sa usapan. Ano pa nga ba ang magagawa niya, eh nandito na siya? At gaya ng iniisip ng driver, maliligo na lang siya pagdating sa bahay ni Japhet. Iyon ay kung hindi siya sisipain ng huli.

"Mabuti na lang talaga, Kuya, at waterproof ang maleta ko dahil kung hindi, naku! Makakalbo talaga kita," nanggigigil na sabi niya habang papalabas na siya ng taxi.

Wala pa man siyang limang segundong nakababad sa labas ay basa na siya, maging ang driver ay lumabas din para tulungan siyang kunin ang maleta sa compartment. Nang ibaba nito sa lupa ang maleta ay dumukot na si Cat ng pera sa bulsa para magbayad.

Nag-umpisa na siyang maglakad, hindi pa man siya nangangalahati ay basang-basa na siya. Kung bakit naman kasi nangako agad siya sa Tita Malou niya na gagawin ang lahat. Napasubo tuloy siya. May isang salita siya. Hindi niya maaatim na baliin iyon. At kapag natuwa ang future stepmother niya sa ginawa niya, marahil ay mawawala na rin ang galit ng ama niya sa kanya. Todo effort siya maging maganda lang ang kasal ng mga ito.

Narating niya ang gate na sinasabi ng basang papel na hawak niya. Nakikita niya sa tabi ang number ng bahay na gawa sa kinakalawang na metal. Hindi niya na kailangan pang siguruhin kung ito na nga ang pakay niya. Wala na siyang nakikitang ibang bahay maliban sa bahay na nasa harapan niya.

Itinabi niya ang maleta at lumapit sa kinakalawang ding gate. Pinaliit niya pa ang mga mata para maaninag ang loob ng bahay. Nagbabakasaling may baliw na taong lalabas doon.

“Tao po!” she shouted with all her might. Sa lakas at ingay ng ulan, alam niyang walang silbi ang pagsigaw niya. Gusto niya sanang kalampagin ang gate, kaso ay baka matumba sa lakas ng pagkalampag niya at sa lakas ng ihip ng hangin.

*Baka abutin ka ng isang araw dito sa labas, Cat!*

Mukhang ganoon na nga ang magiging kapalaran niya kapag nagkataong hindi tumila ang ulan. Ang saklap ng beauty niya. Bumagsak ang mga balikat niya.

Pero nabuhayan siya ng loob at parang baliw na ngumiti nang may makita siyang taong dali-daling lumabas ng bahay at makilala niya ito. “Japhet! Japhet!” parang tangang sigaw niya ulit. Sinundan niya ito ng tingin. Huminto ito sa isang sulok ng garden at naging abala sa kung anuman ang ginagawa nito. “Japhet! Yohooo!” sigaw niya ulit. Pero nilamon lang ng ulan ang sigaw niya. “Japhet!” Sa huling pagkakataon ay nagbakasali siya, pero ni hindi man lang nito inaangat ang mukha.

Tumingin siya sa paligid at naghanap ng mga bato. Para ano pa at naging pitcher siya noong high school kung hindi niya iyon magagamit gayon? Para siyang baliw na nakayuko at naghahanap ng bato. Nang sa wakas ay makahanap siya ng sa tantya niya ay katamtaman lang ang laki ay bumalik na ulit siya sa tapat ng gate.

Naalarma si Cat nang makitang pabalik na ng bahay ang lalaki. May bitbit itong sa tingin niya ay mga damo. *Nagdadamo sa gitna ng malakas ng ulan?* Hanep din naman ang trip ng lalaki, ah.

"Japhet, sandali!" sigaw niya ulit. Umatras siya nang kaunti at itinabi ang mga batong napulot. Nagtira siya ng isa sa kamay. Pinuwesto ang mga paa ng gaya noong pitcher pa siya. Dahan-dahan niyang inangat ang isang paa palapit sa katawan niya at pagkatapos ay buong lakas na tinapon ang isang batong hawak kasabay ng pagbaba ng paang inangat niya, pero hindi man lang nakapasok sa loob ng bakuran ang pinto.

Ilang beses siyang sumubok bago niya ito tamaan. Naibagsak ng lalaki ang dala-dala nito at napahawak bigla sa likod.

"Yes!" sigaw ni Cat. Nang lumingon ito sa kinatatayuan niya ay kumaway siya. "Dito!" Nang lumapit ito sa kanya ay halos umabot na hanggang tainga ang ngiti niya. Sa wakas, matutuyo na rin siya!

"Thank God! Napansin mo din ako!" aniya nang tuluyan na itong makalapit. Nakakunot ang noo nito.

# 3

"Hindi mo ba 'ko papapasukin?" untag ni Cat sa lalaki nang hindi man lang ito sumagot sa kanya. Panay lang ang titig nito sa kanya habang nakakunot ang noo.

"Who are you and what are you doing here? Don't you know that this is a private property?" sunud-sunod na tanong nito.

She rolled her eyes. Sa pagkakatanda niya, hindi masungit ang lalaki. Panay pa nga ang ngiti nito at pa-cute sa kanya noon. Inaalaska rin siya. Ang sabi ni Veronica noon sa kanya, paraan daw iyon ng lalaki para pansinin niya.

"Puwede bang papasukin mo muna 'ko? Sa loob ko sasagutin lahat ng tanong mo."

Mas lalo itong nagduda at nagtaka. Sabagay, sino ba naman ang hindi magtataka kung unang bungad niya pa lang dito ay nag-astang close na siya? Inutusan niya pa itong papasukin siya. Obviously, hindi siya nakilala ng lalaki dahil tinanong pa nito kung sino siya.

Which was a good thing. Meaning, hindi na nito

naaalala ang elementary days nila. Hindi gaya niya na kinailangan pang ipaalala sa kanya ni Amy.

"Hindi kita hahalayin at wala akong nanakawin. Promise pa!" Itinaas niya pa ang kanang kamay para lang magtigil na ito sa pagtitig sa kanya. Dahil sa totoo lang, nagsisimula na siyang ma-self-concious.

Sino ba naman ang hindi, kung ang tumititig sa 'yo ay tall, dark and handsome? Hindi nakalagpas sa obserbasyon niya na mas lalo itong gumwapo. Mas lalo nga lang umitim sa tingin niya, pero nakadagdag iyon sa sex appeal nito. Mahaba na rin ang buhok nito at nangangailangan na talaga ng gunting. Ilang araw na rin yata itong hindi nag-aahit. Maganda pa rin ang mga mata nito. Naaalala niya pa noong mga bata pa sila, palihim siyang kinikilig kapag tumititig na ang nakangiting mga mata nito sa kanya.

Nagbalik siya sa huwisyo nang marinig niya ang tunog ng pagbukas ng gate. Binubuksan na pala iyon ng lalaki ay hindi niya pa namalayan.

*Anong drama 'yan, Cat? Reminiscing under the rain?*

Tumalikod ito sa kanya kaya tahimik lang siyang sumunod dito. Wala nang saysay ang magmadali papasok ng bahay dahil basang-basa na rin naman

siya. Dinampot nito ang inakala niyang ay mga damo na kanina ay kipkip nito nang batuhin niya. Hindi pala iyon mga damo. Kung ano iyon, hindi niya alam. Hindi siya close sa mga halaman.

“Need help?” alok ni Cat. As if puwede iyon kahit may karay-karay siyang maleta. Palabas niya lang iyon para makita ng lalaki na mabait siya.

Pero hindi niya inaasahan ang sagot nito. “Bakit, kaya mo ba?” anito sabay tingin sa maleta niya.

Hindi tuloy siya makasagot. Supalpal ang pakabait effect niya. Umiling-iling lang ito pagkatapos ay pinagpatuloy na ang paglalakad. Yuko ang ulong sumunod siya rito. Nang nasa may pintuan na sila ay humarap ito sa kanya.

“P’asok ka na. Sa likod-bahay na ako papasok. Kailangan ko pang ilagay ’to d’un.” Inangat pa nang bahagya ng lalaki ang yakap nitong mga halaman.

Tumango na lang siya at mahinhin na ngumiti. Hindi pa man siya nagpapasalamat ay tumalikod na ito.

Napasimangot si Cat. Immune yata ito sa kagandahan niya. Pumasok na siya sa loob ng bahay. Bumungad sa kanya ang mga pitsel, bowl at tasa na nasa sahig. Sinundan niya ng tingin paitaas ang

bumagsak na tubig. Napangiwi siya nang mapagtanto ang ginagawa ng mga iyon sa sahig.

Pinagmasdan niya ang paligid. Nagmamakaawa na ang mga dingding na i-makeover na ang kulay nito. Walang laman ang sala kundi sala set na gawa sa kawayan. Wala man lang TV o DVD player.

Natigil ang pagmamasid niya nang marinig ang palapit na yabag ng lalaki. May dala-dala na itong maliit na towel na pinupunas sa ulo nito.

"N-nice place," pagpapa-cute niya. Huli na para bawiin iyon dahil nakita niya na ang natatawang mukha ng lalaki.

"Talaga lang ha?" Narinig niya pa ang pagak nitong pagtawa.

"W-well, konting makeover lang, maganda na 'tong bahay mo," palusot niya pa.

Tumango lang ito kahit kabaliktaran naman ang nakikita niya sa mukha nito. "The bathroom is upstairs. Kung gusto mong maligo at magpalit, p'wede ka nang umakyat. Right side, first door."

"Thank you."

"Huwag kang magpasalamat. Nagkataon lang na malakas ang ulan at babae ka kaya kita pinapasok.

Pero pagkatila ng ulan, you have to leave," walang kangiti-ngiting sabi ni Japhet.

Tumango na lang siya para wala nang mahabang diskusyon. Baka kapag sinabi na niya ngayon ang pakay niya ay hindi pa siya makapaligo at makalimutan nitong babae siya. Iniwan niya ang maleta sa sala. Kumuha lang siya ng bath towel, toiletries at damit na isusuot saka umakyat na sa itaas.

"OH, ANO, nakilala ka ba?" bungad agad ni Amy sa kanya nang tawagan niya ito.

"Hindi. Buti na lang 'ka mo!" aniya. Matapos makapaligo at makapagbihis ay tinawagan niya ang kaibigan para ipaalam dito na nagkita na sila ni Japhet. Mabuti na lang at noong nasa pier pa lang siya ay inilagay niya na ang sling bag sa maleta ang aparato nang makitang umaambon sa siyudad. Kaya nang lumakas ang ulan ay hindi nadali ang cellphone niya.

"Talaga?" Nahimigan niya ang bahagyang pagdududa at hindi pagkapaniwala sa tono nito.

"Ano bang klaseng reaksyon 'yan?" natatawang puna ni Cat.

"Well, I was expecting something else."

"Like what? Na maaalala niya ako? Come on, Amy, it's been what…" Nagkuwenta siya sa isip, "… fifteen years since the last time we met. What do expect?"

"But you were his ultimate crush before!"

"Dati 'yun, gaga! At isa pa, counted ba 'yun? Mga bata pa tayo n'un."

"Nasabi mo na ba'ng pakay mo?" pag-iiba nito sa usapan.

"Hindi pa. Ni hindi pa nga kami nakakapag-usap nang maayos. Pagdating na pagdating ko, naligo ako agad. Mamaya, bubuwelo ako. Grabe, mare, hindi mo make-keri kung ano'ng nangyari sa 'kin—"

"Kaya naman pala hindi ka niya nakilala," putol nito sa iba pa niyang sasabihin. "I bet hindi mo pa nasasabi ang pangalan mo sa kanya."

Nalukot ang mukha ni Cat. "Hindi pa nga. Teka nga, bakit ba gustung-gusto mong maalala niya 'ko ha?"

"Nothing!" dagling sagot nito.

"Nothing…" she mimicked in an exaggerated

way. Bumelat pa siya kahit hindi naman siya nakikita ng kaibigan. “Kilala kita, Amy. Naku, huwag ko lang malaman-laman na nag-iisip na naman kayo ni Veronica na itukso ako sa kanya.”

“Of course not! Masyado ka namang assuming, gaga. Ang sinasabi ko lang, mas maganda kung maaalala ka niya. That way, mas lalaki ang chance mo na mapapayag siya sa gusto mo. Knowing na kilala ka niya at kaibigan ka ni Veronica. Malay mo, di ba?”

“Mabuti na ’yung malinaw,” tipid niyang sagot. Pahiya siya sa totoo lang. Nag-assume kaagad siya na katulad pa rin ng dati na tutuksuhin siya ng mga kaibigan sa binata. And honestly, she kinda liked the idea that her friends wanted her to be with him. Katulad ng dati, kunwari ay ayaw niya pero sa totoo pala ay hihimatayin na siya sa kilig.

*Namimihasa ka na yata sa kakaisip ng nakaraan, Cat. Baka nakakalimutan mo, hindi ka na crush ng lalaking iyon. And may I please remind you na kaya ’andito ngayon ang lalaki ay dahil he’s mending a broken heart?*

“Ano nga ulit ’yung sinasabi mo?” untag sa kanya ni Amy.

“Saka na lang. Bababa na ’ko at baka isipin pa n’ung taong ’yun na ninanakawan ko na siya. Wish me luck!”

“Good luck!”

Pinatay niya na ang telepono. Matapos masigurong wala na siyang naiwan ay bumaba na siya.

Kaninang bumaba siya para kunin ang cellphone ay narinig niyang nasa kusina ang lalaki. Doon na siya dumerecho para kausapin ito.

Malakas pa rin ang ulan sa labas. At nasisiguro niya ring kapag sinabi niya ngayon sa lalaki ang pakay niya ay hindi siya nito ipagtatabuyan. Sa kabila ng pagiging suplado nito at panay na pagkunot ng noo, alam niyang gentleman pa rin ito. Katibayan na ang pagpapapapasok nito sa kanya at pagpapagamit ng banyo kahit pa hindi siya nito nakikilala.

Naabutan niya ang binata na nasa harap ng mesa at hinihimay ang halamang yakap-yakap nito kanina.

“Ang tagal mo naman ’atang maligo. Akala ko nalunod ka na sa balde,” bati nito sa kanya.

“Sorry.” Matagal talaga siyang maligo mula

pa man noon. Lalo na ngayong naligo siya sa ulan at nagkandaputik-putik pa. "Thank you nga pala sa paglinis mo ng maleta ko." Napansin niya iyon ngayon pagkababa niya.

"Wala akong choice. Kapag pinatagal ko pang ganoon ang hitsura ng maleta mo, mapuputikan ang sahig," hindi tumitinging sagot nito.

Humaba ang nguso ni Cat. Akala niya pa naman ay mabait na ito sa kanya. "Thanks anyway," sarkastikong sabi niya.

"'Pag tumila na ang ulan, p'wede ka nang umalis."

"Alam mo, ang suplado mo. Hindi dapat ganyan," di-napigilang komento niya. Hindi niya makita rito ang Japhet na kilala niya noon sa lalaking kaharap niya na tila ba galit sa buong mundo. Hindi niya alam ang buong kuwento ng love story ng lalaki. Kung anuman iyon, tiyak na may mabigat na dahilan para magbago ito nang sobra.

Itinigil nito ang ginagawa at humarap sa kanya. "Bakit, dapat ba kitang pakitaan nang maayos?"

"But of course! Bisita mo kaya ako." Itinaas pa ni Cat ang dalawang kamay.

"Sino'ng may sabi?" Nakataas ang isang kilay nito.

Umirap lang siya. Hindi na siya nagkomento at tuluyan nang pumasok sa kusina. Umupo siya sa bakanteng upuan na nakaharap sa lalaki. Pero muntik na siyang mapatili nang sa pag-upo niya ay umuga ang upuan. Bigla siyang napahawak sa mesa.

"Aatakihin naman ako sa puso dito sa upuan mo!" Dinama niya ang dibdib. Mabilis ang tibok ng puso niya. "Hindi mo man lang ba inayos ito?" tanong niya sa lalaki. Pagkuwan ay yumuko siya para alamin kung bakit gumagalaw-galaw ang upuan. Kulang pala ng side rail sa magkabilang gilid. Nang mag-angat ulit siya ng ulo ay napansin niyang matamang nakatitig sa kanya si Japhet. "Isang taon ka na dito pero ni sirang bangko hindi mo inayos?"

"You look familiar." Nakakunot ang noo nito. Pero hindi iyong klase ng pagkunot-noo na galit o aburido. Tila pilit nitong inaalala kung saan siya nakita.

*Huwag mo naman sanang maalala, please lang. Bigla siyang napatawag kay Bro nang mga oras na iyon.* Ipinagdarasal niyang hindi sana nito maaalala ang naging bahagi niya sa buhay nito. Kahit pa sabihing hindi iyon big deal gaya ng ginawa ng ex

nito, embarrassing moment pa rin iyong matatawag sa parte niya.

"Do I know you? Have we met before?" Mukhang hindi ito titigil hangga't hindi siya nito naaalala.

Napangiwi si Cat. Pagkatapos ay napabuntong-hininga. Wala siyang choice kundi sabihin dito ang totoo. Ayaw niyang magsinungaling sa binata dahil hindi niya alam kung ano ang mangyayari kapag niloko niya ito. Baka sa halip na pumayag sa hiling niya ay umayaw pa ito lalo.

Saglit muna siyang pumikit bago sinalubong ang nagtatakang tingin ng lalaki. Alam niyang nawiwirduhan ito sa nangyayari sa kanya.

*It's now or never, Cat.*

"My name's Cat Angeles. I'm from Manila and I would like to hire your services for my father's wedding." Nakagat niya ang pang-ibabang labi habang hinihintay ang reaksyon nito.

Napatayo ito. "Sinasabi ko na nga ba!" Puno na ng galit ang mga mata nito. "I don't do weddings anymore. Alam mo sana 'yan noon pa," madiing sabi nito.

Napatayo rin siya para kahit papano ay

magpantay ang mga mata nila. "Alam ko naman 'yun, eh, pero nagbabakasali pa rin ako. My Tita really wants you to be her wedding photographer. Ilang beses na siyang sinabihan ng daddy ko na maghanap na lang ng iba, pero ayaw niya. Matigas ang ulo niya; kahit daw magbayad siya ng mas mahal pa sa wedding gown niya basta pumayag ka lang."

"Wala akong pakialam sa pera!" sigaw nito na ikinagulat niya.

"P-please. Kahit ngayon lang," nagmamakaawang sabi ni Cat. "I really want to make my dad happy."

Kumunot ulit ang noo nito. "Akala ko ba ang tita mo ang may gustong kunin ako?"

"Y-yeah, but...." Paano niya ba ipapaliwanag sa lalaki ang katayuan niya?

"My answer is final. Matagal ko nang tinalikuran ang pagiging photographer ko. At wala na 'kong balak na balikan pa iyon." Tinalikuran siya nito ngunit huminto rin agad nang tila may naalala. "Who gave you my address?"

"Si Veronica."

"Veronica?" Tila nagulat ito.

Tumango siya. "Veronica Falcon, your sister.

She's my friend kaya nang hinanap kita sa kanya, hindi na siya nag-atubili pang ibigay sa 'kin ang address mo."

Nagsalubong ulit ang mga kilay nito. But this time, bahagya nang nawala ang galit sa mga mata nito. Bumalik ang curiosity sa mukha. "What's your name again?"

"C-Cat Angeles." Napakagat siya sa labi.

"Cat Angeles," pabulong nitong ulit. Tila hinahalukay nito sa memorya ang pangalan niya.

And then she saw his eyes smile at her. Naaalala na siya ng lalaki. Napangiwi siya at nadiin ang pagkagat sa labi. Mabuti na lang at hindi iyon dumugo. Nang ibalik niya ang tingin sa lalaki ay unti-unti nang lumapad ang ngiti nito... sa unang pagkakataon simula nang dumating siya roon.

"Cat Angeles." Todo na ang ngiti nito. Feeling niya pa nga ay nagsasayaw na ang mga mata nito. Hindi tuwa ang nakikita niya roon kundi panunudyo–sa kasamaang palad. "Kitten." Tuwang-tuwa ito nang gamitin nito ang endearment sa kanya. O kung endearment mang matatawag iyon.

Ito lang ang tumatawag sa kanya ng ganoon. Kung dahil sa panunukso nito sa pangalan niya o

dahil sa ibinigay nitong rason noon ay hindi niya alam. Naalala niya pa, 'Kitten' ang tawag nito dahil bata pa raw siya noon at cute. Ang 'Cat' ay para lang daw sa mga malalaki na.

"Nice to see you again. It's been a long time and you've grown into a beautiful woman. Hindi agad kita nakilala."

"Yeah. It's been a long time." Bakit ba ang dali-dali nitong maalala siya? Bakit siya noong nabanggit ang pangalan nito ay inabot pa ng isang araw bago ito naalala?

*Alam mo kung bakit? Dahil sa ginawa mo sa kanya.*

Masyado bang pang-historical event ang ginawa niya noon para hindi iyon makalimutan nina Amy, Veronica, at mas lalo na ng lalaking kaharap niya? She was only nine years old that time, for goodness' sake! Hindi siya gaanong nahihiya noong pinagkukuwentuhan nila iyong tatlong magkakaibigan sa coffee shop. Pero kung babanggitin ng lalaki ang nakaraan, iyon ang isang malaking kahihiyan! Sino ang hindi manliliit kung ang mismong binata ang bumanggit niyon?

"Ano nga ulit 'yung hinihiling mong pabor sa

'kin?" Hindi pa rin nawawala ang ngiti ni Japhet.

Isa pa iyon sa napansin niya. Parang ang bilis nitong magbago ng mood. Kanina lang ay sobrang pormal nito at tila kakagatin siya anumang oras. Pero ngayon, parang tanga na panay ang ngiti at palihim na tinutudyo siya.

"I asked kung p'wede ka bang maging wedding photographer para sa kasal ng daddy ko."

"Paano kung tumanggi ako? Makikipaghiwalay ka ulit sa 'kin?"

There! He had said it! Would somebody give her an invisible cloak?

# 4

"P'wede ba, mga bata pa tayo n'un. Hindi mo na kailangan pang ipaalala sa 'kin dahil tandang-tandang ko pa, sa kasawiang palad, ang kagagahang ginawa ko, okay?"

Hindi mapigilan ni Japhet ang ma-amuse sa hitsura ng dalaga. Nagba-blush ito at alam niyang nahihiya pero pilit pa ring itinataas ang bandera. Hindi ito makatingin nang derecho sa kanya at kung saan-saang sulok ng kusina ito nakatingin. Ibang-iba ito sa Cat Angeles na nakilala niya noon. Boyish ang dating Cat na kilala niya noon. Simple at hindi marunong mag-ayos sa sarili. Hindi niya namukhaan ang babae noong basa pa ito ng ulan. Hindi pa rin kasi nawawala ang inis niya rito sa ginawa nitong pambabato sa kanya. At ni hindi man lang nag-sorry ang babae sa ginawa nito. Pero dahil hindi niya naman maatim na basta na lang ito palayasin sa gitna ng masungit na panahon, pinagamit niya rito ang banyo.

Nang maayos itong lumapit sa kanya at nagsalita, saka niya napansin na pamilyar ito sa kanya. Hindi niya agad ito nakilala dahil malaki na ang ipinagbago

nito. Pumuti itong lalo na nagbigay ng rosy cheeks dito, makurba ang kilay na sa pagkakatanda niya ay hindi naman ganoon. Manipis pa rin ang natural na mapupulang labi nito. At kung noon ay walang pakialam ang babae sa sinusuot nito, ngayon ay alam na alam na ni Cat kung paano manamit na makikita ang mga assets nito. Nakahantad ang magandang kurba ng katawan nito at ang mapuputing legs sa suot na maikling maong shorts at dark green na sleeveless blouse.

Nang unang beses na sabihin nito ang pangalan ay hindi niya masyadong binigyan ng pansin. Mas natuon ang pansin niya sa huling sinabi nito. Ilang beses na ring nangulit ang kapatid niya tungkol sa mga clients na gusto siyang kunin. Ang kapatid niyang si Veronica ang pineperwisyo ng mga ito. Pero kilala niya ang kapatid, kahit pa takutin ito at bigyan ng suhol ng mga prospective clients ay hindi siya nito ipagkakanulo. Nirerespeto pa rin siya nito kahit pa sa tuwing nag-uusap sila ay panay ang away nila. Hindi ito pabor sa ginagawa niyang pagtatago. Nagtaka siya dahil nakayang ibigay ng kapatid ang address niya sa babae. The girl must be someone special para ipagkanulo siya. At nang ulitin ng babae ang pangalan nito ay parang ulan na bigla na lang bumuhos ang alaala niya. Alaala na kasama ito.

Noong mga bata pa sila. Sa lahat ng babae sa campus ay ito lang ang parang galit kung tumingin sa kanya at ito lang ang hindi nagpapa-cute kapag nagkakasalubong sila. Nang malaman niyang kaklase pala ito ng kapatid na si Veronica ay nagsimula na siyang maintriga rito. Kung ibang babae lang ito, tiyak niyang nakipagkaibigan na ito sa kanyang kapatid at nagpatulong para lang mapansin niya.

Pero hindi ganoon si Cat. Sure her sister and Cat were good friends. Seatmates pa nga kung tutuusin. Pero nalaman niya sa kapatid na ni minsan ay hindi nagtanong ng tungkol sa kanya ang babae. Chess player din pala ito at laging nasa top five ng klase.

Minsan niyang napanood ang laban nito sa isang grade five student. Bawal ang audience sa laban ng mga ito pero dahil crush siya ng nagbabantay sa classroom ay pinapasok siya. Magaling ang babae at madaling makaisip ng paraan para ma-counter ang binabalak ng kalaban nito. Hindi man lang ito nahirapan at hindi pa man nangangalay ang paa ni Japhet sa katatayo ay nanalo na ang babae. Nang ngumiti ito habang nakikipagkamay sa kalaban nito, noon niya unang naramdaman ang mabilis na pagtibok ng puso niya. Para siyang nasa langit nang makita ang maganda at simpleng mukha ng babae. Tinubuan siya agad ng crush dito.

Simula noon ay siya pa ang nangungulit sa kapatid para ilakad siya sa kaklase nito. Naaalala niya pa noon, naririndi ang kapatid ni Japhet sa kakulitan niya dahil kahit anong tukso raw ang gawin nito sa kaibigan ay wa epek.

Kaya nagdesisyon siyang ipaalam na kay Cat ang kanyang presensya. Tuwing recess time ay tumatambay siya sa labas ng classroom ng babae. Hoping that one day Cat would go out and talk to him. Pero hindi nito ginawa iyon. Nang minsang pumunta siya roon ay tinukso ng buong klase ang babae tungkol sa kanya. Kalat na kalat na kasi na may crush siya rito. Ngingiti-ngiti pa siya habang pinapakinggan ang mga panunukso, pero biglang sumigaw ang babae na break na raw sila. Talagang nasaktan siya noon. Isang araw yata siyang umiyak dahil doon.

Ito ang kauna-unahang babaeng nagpaiyak sa kanya at nagpasakit sa damdamin niya. Si Cat ang unang babaeng bumasted sa kanya. Of course, hindi niya pa alam noon ang salitang 'basted'. Ni hindi niya pa nga alam na 'stalking' pala ang tawag sa ginagawa niya noon sa babae.

And looking back now, he could not help but smile. Talagang bata pa siya noon, walang

kamuwang-muwang sa totoong ibig sabihin ng 'boyfriend-girlfriend' at 'pag-ibig'. Natatawa na lang siya kapag naiisip na dinamdam niya ang sinabi nito noon.

Hindi niya sinasadyang tuksuhin ito tungkol sa nakaraan nila. Ewan ni Japhet, nang malaman niyang kilala niya ito ay hindi niya inaasahan ang biglang pagsaya ng pakiramdam niya. Siguro ay dahil nanggaling ang babae sa pinakamasayang parte ng kabataan niya. Aminado siyang isa si Cat sa naging dahilan kung bakit memorable ang childhood days niya. At pagkaraan ng mahaba-habang taon ay heto sila ngayon at magkaharap… sa ganitong sitwasyon pa.

At kahit pa wala sa plano niyang pagbigyan ang hiling nito, may isang parte ng pagkatao ni Japhet ang tila malungkot sa isiping aalis na kaagad ang dalaga. Binalewala niya ang nararamdaman at mas nag-focus sa kung ano ang isyu nila ngayon.

"Alam mo kahit crush kita noon, hindi pa rin kita mapagbibigyan sa gusto mo."

Pinagsalikop ni Cat ang mga kamay na tila nagdadasal. "Please? This really means a lot to me. Hindi mo lang alam kung gaano."

Umiling siya. “I can recommend somebody else. I guarantee you na magaling din siya.”

“Sa tingin mo ba, hindi pa ’yun ginawa ng daddy ko? Kung pumayag lang si Tita, wala sana ako dito ngayon.”

Natahimik si Japhet saglit.

“Please naman, pumayag ka na. Kahit for old time’s sake lang at kahit hindi tayo gan’un ka-close noon.”

“Ang hirap ng hinihingi mong pabor, Kitten.”

“I’ll do whatever it takes, makuha ko lang ang approval mo.” Puno ng determinasyon ang tinig nito.

He found that so amusing. Dati pa ay alam niya na ang ganoong ugali ng babae. Hindi ito basta sumusuko sa laban. Kaya nga mabibilang lang ang mga laban nito noon sa chess na hindi ito nanalo.

Napangiti si Japhet. “We’ll see then,” aniya at ipinagpatuloy na ang naantalang pag-walkout sa babae. Nang may maalala ay humarap siya ulit. “And oh, by the way, isa lang ang kuwarto ko dito. You better look for a place here kung saan ka puwedeng matulog.”

"I can sleep on the sofa. I mean… d'un sa kawayang sofa." Tabingi ang ngiting ibinigay nito. Parang nahihinuha niya nang ini-imagine nito ang sarili na natutulog sa kawayan at sumasakit ang likod pagkagising sa umaga. Mukhang hindi sanay ang dalaga na matulog sa matigas.

Kumibit lang si Japhet ng balikat at tumalikod na ulit. Saka niya pinakawalan ang kanina pa pinipigilang ngiti. Mukhang magiging makulay ang buhay niya sa mga susunod na araw. And he could not wait for that.

NAPABUGA NG HANGIN si Cat matapos nilang mag-usap ni Japhet. Bagsak ang mga balikat na umupo siya sa bangko. Nang gumalaw iyon ay hindi na siya nagulat pa.

Gaya ng inaasahan, mahihirapan siyang kumbinsihin ang lalaki. Nangalumbaba siya sa mesa at nag-isip. Sa ngayon ay hindi niya alam kung anong klaseng kumbinsi ang gagawin niya sa binata.

Hindi siya puwedeng umuwi ng Manila nang hindi nakukuha ang 'oo' ng lalaki. May dala na siyang kontrata para rito para masigurong hindi na ito aatras pa. Kailangang mapirmahan iyon.

Nang makita niya ang malambot na ekspresyon ng daddy niya nang araw na nangako siya sa tita niya, naging determinado na siyang hanapin ang lalaking ito. Nararamdaman niyang kapag napasaya niya si Tita Malou, lalambot ang ama sa kanya at hindi na magtatampo pa sa ginawa niyang pagsuway rito noon. Kaya hindi siya puwedeng sumuko sa lalaki. Isa pa, nakakaisang subok pa lang naman siya. Puwede siyang mag-stay rito nang matagal-tagal… hangga't hindi pa siya sinisigawan ng lalaki na mag-alsa balutan. Magpapakapal na lang siya ng mukha na matulog doon.

Bigla niyang naalala ang sinabi kanina sa binata na sa kawayan siya matutulog. Napangiwi si Cat. Ang liit-liit lang niyon at ang likot niya pa namang matulog, paano kung mahulog siya? *Hindi man lang nagkunwaring gentleman at i-offer ang kuwarto niya. Hmph!* Ganoon na ba si Japhet dati pa o nagbago lang pagkatapos ng naunsyaming kasal nito? Kung inborn na ang ugaling iyon ng lalaki, mabuti na lang talaga at hindi niya sineryoso ang crush niya noon dito.

Oo nga't palihim siyang kinikilig kapag umaali-aligid ito sa kanya. Normal naman iyon sa katulad niyang babae noon. Marunong siyang ma-flatter at mag-appreciate ng guwapo kahit paano. Hindi

siya bato para hindi iyon maramdaman. Pero hindi niya pinagtuunan ng pansin ang crush niya noon sa lalaki. Dahil pinipilit niyang mag-astang lalaki para sa ikalugod ng daddy niya. At kapag hinayaan niyang lumaki hindi ang crush niya sa lalaki, baka masira pa ang mga pinaghirapan niya.

Natigil ang malalim na pag-iisip ni Cat nang bigla niyang maramdaman na may tumulong tubig sa ulo niya. Kinapa niya iyon sabay tingala. May nag-uumpisa na namang tumulo sa lugar niya. Tiningnan niya ang kisame ng buong kusina. Mas malala iyon kaysa sa living room. Napailing siya. Paano natatagalan ng lalaki ang kisame ng bahay nito?

And then something hit her. Makahulugan siyang ngumiti. Mukhang alam niya na kung paano mapapaamo ang binata. And it was so simple. Mapapakinabangan din pala niya kahit paano ang mga pinaggagagawa niya noon para sa ama.

NAABUTAN NI CAT si Japhet na may niluluto na kung ano sa kusina. Sa amoy pa lang nito ay nahinuha niya nang gulay iyon. Bagaman mabango naman ang amoy, hindi niya masyadong ma-appreciate. Hindi kasi siya kumakain ng gulay, maliban sa kalabasa. At

mukhang wala siyang choice ngayon dahil walang ibang ulam sa kusina na puwede niyang kainin. Gulay lang talaga.

“Saan ka nanggaling?” Napaigtad si Cat nang biglang magsalita ang lalaki. Napansin pala siya nitong nakatayo lang sa may pintuan.

Kumibit siya ng balikat. “Diyan lang. Naglibut-libot.” Pagkatilang-pagkatila ng ulan ay lumabas na agad siya ng bahay para umpisahan ang pinaplano niya. Pero inabutan na lang siya ng dilim, walang nangyari. Mukhang kailangan niyang pumunta ng siyudad bukas. “Paano ba pumuntang siyudad? May jeep ba dito o tricycle man lang na dumadaan?”

Malapad ang ngiting humarap ito sa kanya. “Babalik ka ng Manila?”

Inilabas niya ang dila at bahagyang nalukot ang mukha. “Asa ka pa. I told you, I’ll do everything mapapayag lang kita. May bibilhin lang ako sa siyudad bukas.”

Napatango ito habang hindi pa rin naaalis ang amused na ngiti sa mga labi nito. “Importante ba?”

“Oo, eh.”

“Nakausap ko ’yung kapitbahay kong si Mang

Dionisio kanina, may multi-cab ’yun. Pupunta din kasi dapat akong siyudad bukas. But since importante ’ka mo ’yang sadya mo, ’kaw na muna ang gumamit. Sa susunod na araw na lang ako. Okay na ba sa ’yo ang ten? ’Yun ang oras na sinabi ko kay Mang Dionisio.”

Nag-isip si Cat. “Okay. Ano ba ’yang niluluto mo?”

“Pinakbet. Kumakain ka ba nito?” Lumingon ulit ito sa kanya.

Wala pang isang segundo ay tumango na siya, kahit pa hindi iyon totoo. Pero mukhang nakahalata ang lalaki. Nagdududa ang tingin ni Japhet.

“Sigurado ka ha?”

Napalunok siya. “Oo nga. Ba’t ba marunong ka pa sa ’kin?” kunwari ay taray niya.

“Naniniguro lang. F.Y.I. lang, wala akong ibang inuulam dito kundi gulay. Galing sa gulayan na inaalagaan ko na nasa labas.” Mataman nitong pinagmasdan ang mukha niya. Tila hinihintay na babawiin niya ang sinabi niya.

*Maghintay ka sa wala!* “Okay lang. I love vegetables!” maarteng sagot niya. Pa-cute pa siyang ngumiti dito. Pero sa totoo lang ay parang gusto

niya nang tumakbo sa pinakamalapit na restaurant para roon na lang kumain. Kahit siguro fast food ay pagtitiyagaan niya, huwag lang siya makakain ng gulay. Pero ang masaklap, malayo sila sa kabihasnan kaya kailangan niyang magtiis sa ulam ng lalaki.

Nangingiting umiling ito. “Sinabi mo, eh. Ihanda mo na ang mesa, luto na ’to.”

Sinunod niya ang utos ni Japhet. Para siyang bibitayin. Pero sa lahat ng bibitayin, siya lang yata ang mag-la-last supper na hindi type ang pagkain. Umupo na siya sa bangko. Inaasahan niyang uuga na naman ito, pero hindi iyon nangyari. Nagtaka siya at yumuko para alamin.

“Inayos ko na ’yan,” paliwanag ng binata. Umupo ito sa harapan niya at inilapag na sa mesa ang pinakbet.

“Marunong ka naman palang magkumpuni. Bakit ngayon mo lang ginawa?”

Kumibit ito ng balikat. “Para ano pa? Ako lang namang mag-isa dito at isang bangko lang ang kailangan ko, kaya hindi ko pinapansin ang sira niyan noon. Ngayon lang dahil ’andito ka.”

Makahulugan siyang ngumiti. “So you’re really expecting na magtatagal ako dito? Tinatanggap mo

na ’ko totally sa bahay mo?”

“Ikaw na rin ang may sabi na hindi ka titigil, di ba? And I think sa umpisa pa lang, nilinaw ko na kung ano ang desisyon ko at hindi na magbabago iyon. Kampante akong kahit tumagal ka pa dito sa bahay, hinding-hindi mo makukuha ang gusto mo. Kaya matira ang matibay, Kitten. And another reason, kaibigan ka ng kapatid ko. Kapag tinrato kita nang masama, malilintikan ako sa kanya. Kilala ko ’yun kapag nagalit, parang bagyo.”

“Really?” Ngumiti si Cat. Wala siyang sinusukuang laban at handa siya sa sinasabi nito.

“Uh-huh.” Tumango ito. “Kahit mas lalo kang gumanda ngayon, wala na akong crush sa ’yo kung ’yan ang iniisip mo. Naisip kong ayusin ’yan dahil alam kong gusto mo pa akong makasama nang matagal.” Nanunudyo rin ang ngiti nito.

“Excuse me, Mr. Japhet Falcon, mas lalo namang wala na akong crush sa ’yo!” *Hitsura nito!* Kung hindi lang sa ama niya, nunca na gustuhin niyang makita ito uli.

Lumapad ang ngiti nito. “Wala na? Meaning crush mo rin ako noon?”

She was caught off guard. Bigla niya yatang

nalulon ang dila. Iyon ba ang sinabi niya? “A-ang sabi ko, mas lalong wala akong crush sa ’yo.” May diin sa pagkakasabi niya. “Gutom ka lang kaya kung anu-ano ’yang naririnig mo.”

Pero hindi na naalis pa ang ngiti ng lalaki. “Uy, crush ako ni Kitten.” Kinanta-kanta pa nito iyon.

Kahit aso ay hindi kayang tiisin ang tonong ginagawa nito. Paulit-ulit at sinasadyang iparinig sa kanya.

Napasimangot si Cat. “P’wede ba!” Nagsisimula na siyang mainis. Ayaw na ayaw niyang pinagdidiinan sa kanya ang pagkapahiya niya. At sa tingin niya, marami siyang nakatagong kahihiyan kung ang lalaki ang pag-uusapan.

She heard him chuckle. “Tell me honestly, crush mo nga rin ba ako noon?”

Sinalubong niya ang mga mata ni Japhet at itinaas ang isang kilay. “Hindi!” sigaw niya. Pero patuloy pa rin sa pagtitig sa kanya ang lalaki. At sa totoo lang ay tinutubuan na siya ng tinatawag na self-consciousness. Wala sa sariling dinampot niya ang tinidor, tumusok ng kung ano sa bowl na naglalaman ng pinakbet at sinubo iyon.

Na bigla niyang iniluwa dahil ampalaya pala.

Dali-dali siyang uminom ng tubig. Ayaw na ayaw niya pa naman doon dahil sa mapait.

Humalakhak na ang lalaki. “You love vegetables, huh?”

“Napaso lang ako sa init,” palusot niya at yumuko na.

Nagngingitngit siya habang sumasandok ng kanin. Bakit ba ang dali-dali lang para rito ang magbago ng mood?

# 5

“Ano ’yang ginagawa mo?” pa-cute na tanong ni Cat kay Japhet.

Katatapos niya lang maglinis ng katawan at bumaba na siya sa sala para ayusin na ang higaan niya. Sa ayaw at sa gusto niya, wala siyang magagawa kundi matulog sa kamang ibinigay nito sa kanya—err, kawayang sofa na ibinigay nito sa kanya.

Naabutan niya ang lalaki na nakatuntong sa isang bangko at tila sinusukat ang kisame gamit ang metro nito. Itinigil nito saglit ang ginagawa at tumingin sa kanya, partikular sa mga dala niya.

Mahiyain siyang ngumiti. “Pasensya ka na, kinapalan ko na’ng mukha ko at kumuha ng kumot at unan doon sa kuwarto mo. Nakabukas naman kasi ’yung room saka matutulog na din ako. Hindi ko na hinintay ’yung offer mo. Dalawang unan nga pala ’yung kinuha ko kasi hindi ako nakakatulog kapag wala akong kayakap. Pero may dalawa ka pa namang natitira d’un,” mahabang lintanya ni Cat.

“May narinig ka bang reklamo mula sa ’kin?” Napangiti ito.

Umingos siya. “Inuunahan lang kita. Baka kasi bumuga ka na naman ng apoy diyan.”

Natawa ito sa sinabi niya.

“Ano ba ’yang ginagawa mo?” usisa niya habang inilalapag sa kawayang bangko ang unan at kumot. Pagkuwan ay umupo siya, ipinatong ang dalawang paa at niyakap ang mga iyon habang pinagmamasdan ang lalaki.

“Sinusukat ko, ipapaayos ko na kasi. Hindi na puwedeng balewalain. Nakita mo naman siguro ang hitsura kanina.” Bumaba ito mula sa bangko, dinukot ang ballpen at kapirasong papel sa likurang bulsa at nagsulat pagkatapos ay hinila ang upuan patungo sa ibang direksyon naman.

“Sabagay. Baka sa susunod na umulan, maging swimming pool na itong loob ng bahay mo.” Hindi ito sumagot kaya nakontento na lang siya habang pinagmamasdan ito sa paulit-ulit na ginagawa sa apat na sulok ng bahay. Pero hindi rin siya nakatiis kaya nagsalita siya ulit. “Alam na alam mo talaga’ng ginagawa mo, ah.”

“Kunwari lang. Ang totoo niyan, wala akong kaalam-alam sa mga ganito. Humingi pa ’ko ng tulong kay Mang Dionisio para lang maumpisahan

'to."

"Ano ba'ng kinuha mong kurso? If you don't mind my asking," pahabol niya bago pa magbago ang magandang mood ni Japhet.

"Photography, of course. I think you already have an idea about it." Napansin niya ang mapaklang ngiti nito. "I was already in high school when I fell in love with photography. I have this huge urge to capture people's happiness. Kahit kapag nalulungkot ako, 'yung masasayang tao pa rin ang kinukunan ko. I got my first camera when I was in second year high school. Bigay sa 'kin ni Mommy. From then, hindi na 'ko natigil sa kakukuha ng pictures. Bago pa man ako mag-college, alam ko na sa sarili ko kung ano ang kursong kukunin ko at kung saan ako mag-fo-focus. I guess, my parents were my muses kaya napili kong mag-focus sa weddings. Bata pa lang ako, pangarap ko nang magkaroon ng katulad ng wedding at pagsasama nila. They're old now pero para pa ring mga teenagers kung maglambingan."

Nang bumaba ito mula sa bangko ay nakita niya ang masayang ngiti nito. Obviously, Japhet was missing his parents already. Nakaramdam siya ng awa at simpatya para rito.

"So I worked hard and received praises for my

work. Dumami clients ko dahil sa referrals. Two years pa lang ako sa profession when I became a member of *WPPP* or *Wedding And Portrait Photographers of the Philippines.* I've been to many places, covering other people's wedding and witnessing their happiness. I love doing it. Then, in one of the weddings I covered, I met…."

Napatuwid si Cat. Napigil niya ang kanyang hininga. Na para bang kapag pinakawalan niya ang hangin ay hindi na itutuloy ng lalaki ang kuwento. Pero asa pa siya. Magkukulay-blue yata ang mukha niya, pero hindi mangyayaring ituloy ng binata ang salaysay nito. Humarap ito sa kanya. "Umakyat ka na sa 'taas."

"Huh?" Para siyang tanga habang nakanganga.

"Doon ka na sa kuwarto ko matulog, ako na dito."

"Hindi. Okay lang. Sanay naman ako, eh," tanggi ng dalaga kahit pa gustung-gusto niyang sunggaban ang alok nito.

"Huwag ka nang magkunwari, Kitten." Pilit nitong ibinabalik ang kanina ay magaan nilang atmosphere. "I'll be okay here. Ako ang mas sanay sa ganito."

Tumayo siya at hindi na nagpakipot pa. Baka magsuplado pa ito ay bawiin ang alok. "Sure ka ba talaga?"

Sunud-sunod ang ginawang tango ng binata. "Yup!"

Atubili pa rin siyang iwan ito sa sala, pero nang inaayos na nito ang hihigaan ay umakyat na rin siya sa hagdanan. Bago pa man siya tuluyang tumalikod ay minememorya niya muna kung saan nilagay ng lalaki ang kapirasong papel na sinulatan nito kanina ng mga sukat. Makakatulong iyon nang malaki sa pinaplano niya bukas.

"WHAT'S GOING on here?"

Natigil sa pag-uutos si Cat sa mga lalaki nang marinig ang tinig na iyon ni Japhet. Napalingon siya rito at nakita ang magkasalubong nitong mga kilay. Mukhang mabubuhay na naman ang pagiging suplado nito dahil sa nakita. Bigla niyang itinago ang kapirasong papel na pinagsulatan ni Japhet kagabi. Palihim niya iyong kinuha kaninang umaga bago pa man siya sunduin ni Mang Dionisio.

Para siyang tanga. May patagu-tago pa siyang nalalaman pero sa hinahakot pa lang ng mga lalaki

sa likuran nila, alam na kaagad ni Japhet kung ano ang ginawa niya.

"Hi!" Kumaway pa siya rito at sadyang pinasingkit ang mga mata nang ngumiti. Pasimpleng hinagod niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa. Kahit hindi pa siya magtanong, obvious na hindi pa ito umaalis mula sa pinakamamahal nitong vegetable garden mula kaninang sinundo siya ni Mang Dionisio hanggang sa makabalik sila. Halata sa dalawang kamay nito na ginawang gloves ang putik. At maging ang laylayan ng pantalon ay hindi nakaligtas sa lupa.

"I said what's going on here? Who are they?" Humalukipkip ito nang makalapit nang tuluyan sa kanila. Hindi man lang ininda na madudumihan ang t-shirt nito.

"Ah, sila ba? Nagpa-deliver kasi ako ng materials para sa bubong at kisame mo. I hope you don't mind." Itinodo pa ni Cat ang pagpapa-cute.

"I do. Kaya paalisin mo na sila at isauli mo na ang mga pinamili mo," may diing sabi ng lalaki at walang paalam na tumalikod papasok sa bahay.

"Ituloy n'yo lang 'yung pagbababa," utos niya sa mga delivery men at dali-daling sinundan ang binata. Naabutan niya ito sa kusina. "Japhet—"

"Sino'ng nag-utos sa iyo na gawin 'yun?"

"Ah, eh... kasi ano… ah…" Napangiwi si Cat. Galit ito, alam niya. Mali yata ang diskarte niya. Imbis na matuwa ang lalaki ay nagalit pa. Mas lalo yatang numipis ang pag-asa niya na mapapayag ito na maging photographer sa kasal ng kanyang ama.

"Wala, di ba?" Ito na ang sumagot sa tanong nito.

"Kasi kahapon nang maglibot ako sa paligid, wala akong makitang epoxy man lang or something. 'Tapos, n'ung gabi na at nagsusukat-sukat ka na, naisip ko na lang na mag-volunteer na bilhin 'yung mga gamit at—"

"Kaninong bahay ba 'to?"

Bigla niyang naitikom ang bibig. Ngumiwi ulit siya. "S-sa 'yo siyempre."

"Sino'ng magdedesisyon para sa bahay ko?" Diniinan pa nito ang huling salita.

"I-ikaw." Parang batang yumuko si Cat.

"Ang ayoko sa lahat, 'yung pinapangunahan ako. 'Yung ginagawa akong tanga at iniiwan sa...."

*Altar. Oo, alam ko,* piping dugtong niya nang

sinadyang hindi itinuloy ng binata ang sinasabi. “Hindi naman kita pinapangunahan, eh. Gusto ko lang makatulong.”

Humarap ito sa kanya at nakapamulsang lumapit—sobrang lapit na halos kalahating ruler na lang ang pagitan ng mga mukha nila. “Hindi. Ko. Kailangan. Ng. Tulong. Mo.” Inisa-isa nito ang mga salita na para bang bata ang kausap. Hindi siya nakapagsalita. “Malinaw na ba? P’wede mo nang ipabalik ang mga gamit na iyon.” Tumalikod ulit ito.

“Hindi kita sisingilin sa mga ginastos ko, promise!” Itinaas ni Cat ang kanang kamay

Nagsukatan sila ng tingin. Hindi alam ni Cat kung ilang segundo nilang ginawa iyon. Ang alam niya lang, sa sobrang tagal yata ay makikita niya na ang kaluluwa ng lalaki.

Bigla itong ngumiti nang makahulugan. “Bribery.”

“Huh?” Nagulat siya sa biglang pagsasalita nito. Masyado siyang nag-concentrate sa pagtitig sa lalaki, o mas tamang sabihin na kinakabisado niya ang bawat anggulo ng guwapo nitong mukha.

“’Yang ginagawa mo. Paraan mo ’yan para

pumayag ako sa gusto mo," pang-aakusa ni Japhet.

Siyempre ay itinanggi niya iyon. "Of course not! Nagmamalasakit lang ako…a-as your sister's friend and as a house guest."

Umiling-iling ito. "Isauli mo 'yun. Nagsasayang ka lang ng pera at panahon. Hindi mo 'ko madadala sa ganyan. Ako ang bibili ng sarili kong gamit para sa sarili kong bahay."

"I can't. No return, no exchange, no refund. At credit card ang ginamit kong pambayad," pagsisinungaling niya.

Umigkas ang isang kilay ng kausap. "Kapag pinagpatuloy mo pa rin 'to, sinasabi ko na sa 'yo, hinding-hindi ako tutulong."

Matamis siyang ngumiti. "That's not a problem! May dalawang lalaki na 'kong nahanap para tumulong sa 'kin. Sagot ko ang magiging sahod nila."

"Ikaw?" Nasorpresa ito.

Tumango siya. "Don't worry. Marunong ako sa pagkakarpintero kahit paano. At madali lang namang gawin, eh. Isang linggo lang at hindi na tutulo pa sa loob ng bahay mo."

Kumibit ito ng balikat. "Ikaw ang bahala. Basta

binalaan na kita," anito at tumalikod na.

Hindi na nawala ang ngiti ng dalaga.

NANG TULUYANG naibaba mula sa sasakyan ang mga nabili ni Cat at mabayaran ang naghatid ay inumpisahan niya agad ang pinaplano. Kasama niya na rin ang dalawang lalaking nakontrata niya sa siyudad sa tulong na rin ni Mang Dionisio. Kahapon pa lang pala ay naabisuhan na ang mga ito ng matanda dahil nga kahapon pa ito kinausap ni Japhet tungkol sa pagpapaayos ng bahay.

Nagsimula ang pag-uusap nila tungkol sa mga dapat gawin. Aminado siyang hindi siya ganoon kahusay. May iilang beses na hindi niya ma-gets ang sinasabi ng dalawang lalaki. Saglit lang siya noong nagpaturo sa boy nila noong high school siya at ito ang kauna-unahang beses ay mag-ha-hands on siya sa isang pagkabigat-bigat na carpentry lesson.

Habang nakikipag-usap siya sa dalawang lalaki ay napansin niyang panay ang sulyap sa kanila ni Japhet na bumalik sa paghahardin nito. Hindi niya alam kung ano ang iniisip nito. Malayo ito sa kinaroroonan nila kaya hindi niya mabasa ang mukha nito. Matapos ang humigit-kumulang isang

oras na pag-uusap ay inumpisahan na nila ang trabaho. Ngunit mangangailangan sila ng hagdanan para makaakyat sila sa bubong.

“May nakita akong hagdanan sa bodega sa likod. Kukunin ko lang,” paalam niya sa dalawang katulong.

“Kami na ho, Ma’am,” boluntaryo ng isa.

“Hindi. Ako na. Magaan lang naman ’yun, kayang-kaya ko na. Ihanda n’yo na lang iyong mga gamit na iaakyat natin sa bubong,” utos niya sa mga ito at pagkatapos ay tumuloy na sa likod-bahay kung saan naroon ang bodega.

Iyon ang dahilan kung bakit naglibut-libot siya kahapon sa paligid ng bahay ng lalaki. Kahapon pa niya binalak na tapalan ang mga butas sa bubong nito. Iniisip niya kasi, mahihiya ang lalaking tumanggi sa kanya oras na gawin niya iyon. Kaso wala siyang nakitang epoxy kaya pinlano na lang niyang bumili ng bagong yero.

At base sa mga pinag-usapan nila ng binata kanina, mukhang kukulangin ang effort niya. Napailing siya. Ang pride nga naman ng tao!

Hindi na siya nahirapang hanapin ang hagdanan dahil alam niya na kung saan iyon makikita. Akmang

hahawakan niya na ito para hilahin nang may biglang humawak sa itaas na parte ng kamay niya. Napatingin siya sa nagmamay-ari ng mga kamay na iyon: Si Japhet.

Sumunod pala ito sa kanya. Bakit hindi niya man lang napansin o naramdaman man lang ang presensya nito?

"Ako na." Hindi man lang ito tumingin sa kanya.

Pero mas nagulat siya sa sensyasyong naramdaman nang tuluyang sakupin ng palad nito ang kamay niyang nakahawak sa hagdanan. Napaigtad siya at tila napapasong bumitaw agad.

"Magkanong binayaran mo sa lahat? Pati na sa mga kinontrata mong mga tao?"

"Huh?" Parang nabato-balani siya.

"Ang s'abi ko—"

"H-hindi. Okay na 'yun. S'abi ko naman sa 'yo wala kang babayaran," putol ni Cat sa pag-uulit sana nito ng tanong.

Narinig niya ang tanong nito; hindi lang siya naka-recover sa init na naramdaman niya nang tila haplusin siya ng lalaki. Pero sa nakikita niya ay tila balewala lang iyon kay Japhet. Siya lang yata ang

naapektuhan. Pero bakit?

Umiling ito. “Pinag-iisipan ko na rin actually na ayusin ang bubong, inunahan mo lang ako. Kaya babayaran kita.”

Mataman siyang tumingin sa binata. Naramdaman yata nito ang ginagawa niya kaya tumingin din ito sa kanya.

“What made you change your mind?” kunot-noong tanong niya.

Kumibit ito ng mga balikat. “I realized para din naman sa ’kin ang ginagawa mong ’to. So, kahit ayoko sa feeling na pinangungunahan ako, might as well, tanggapin ko na lang din. ‘Andyan na rin naman, kahit umayaw pa ko nang todo, hindi na natin maibabalik pa. At kahit short ako sa budget sa pagpapagawa ng bubong, babayaran pa rin kita. Ayokong magkautang na loob sa ’yo dahil alam ko kung ano’ng hihingin mong kapalit.”

“Short ka naman pala sa budget, eh, bakit—”

“Hahayaan mo ba ’kong bayaran ka o paaalisin kita sa bahay ko?”

Itinikom bigla ni Cat ang bibig. “S-sige, pag-usapan natin mamaya. Kukuwentahin ko pa, eh.”

"Good," nakangiting sabi nito at pagkatapos ay lumabas na ng bodega.

Matagal bago siya parang tangang nakatitig lang sa kawalan. Nang mahimasmasan siya ay wala na ang lalaki. Lumabas na rin siya ng bodega. Naabutan niyang inuumpisahan nang iakyat ng tatlong lalaki ang mga yero sa itaas ng bahay. Nasa ibaba ng hagdanan si Japhet at ang isa pang lalaki samantalang nasa itaas na ang isa at tinatanggap ang mga inaabot ng dalawa sa ibaba.

Lumapit siya sa mga ito. Pero hindi pa man siya nakakalapit nang tuluyan ay pinigilan na siya ni Japhet.

"Maghanda ka na lang ng tanghalian natin, kami na'ng bahala dito."

Umigkas ang kilay ni Cat. Siya ang nagplano ng lahat, pero bakit siya ngayon ang walang ginagawa?

Then, something hit her. Nanunudyo ang ngiting ibinigay niya sa lalaki.

"Bakit?" Kumunot ang noo nito.

"Uy! Concerned sa 'kin si Mr. Falcon." Lumawak ang ngiti niya.

Nagsalubong ang mga kilay nito. "Huwag kang

mangarap, Kuting. Sige na. Nasa ref ang mga gulay. ’Kaw na ang bahala kung anong klaseng luto ang gagawin mo,” taboy nito nang hindi man lang siya tuminag. Tila naasiwa ito sa ngiti niya.

“Sinabi mo, eh. May binili akong chicken sa siyudad. Iyon na lang ang iluluto ko.” Nilagpasan niya na ang mga ito nang hindi nawawala ang ngiti sa mga labi niya.

“Akala ko ba mahilig ka sa gulay?”

Lumingon siya rito. “O-oo nga. N-na-miss ko lang ang manok kaya dumaan ako ng palengke kanina,” palusot niya. Pero ang totoo ay parte na ng itinerary niya kanina ang dumaan ng palengke para roon. Hindi siya nakakain nang maayos nang nakaraang gabi dahil sa ulam nila.

Hindi naniniwala ang nang-aasar na ngiti nito.

“Mahilig nga ako sa gulay!” ulit niya pa. Bumaliktad yata ang sitwasyon.

Lumawak ang ngiti nito. “Ano ba’ng sinabi ko? Kumontra ba ’ko?”

Umirap siya at tinalikuran na ang binata. And then, she heard him chuckle. Mas lalo lang siyang nangitngit.